# datos

Ilinathala ng Rehiyunal na Kawanihan sa Instruksyon ng Partido Komunista ng Pilipinas-Bikol

SERYE SA PANANALASA NG RCSP-FMO SA BIKOL 2 AGOSTO 2021


# MILITARISASYON SA HILAGANG BIKOL

• PDT • CSP • RCSP • (2018-2021)


## MGA ERYANG SAKLAW NG MILITARISASYON SA HILAGANG BIKOL

**44%** ng mga bayan
**CAMARINES SUR**

Pamplona, Pasacao, Libmanan, San Fernando, Minalabac, Lagonoy, Sipocot, Ragay, Lupi, Del Gallego, Bato, Balatan, Bula, Tinambac, Goa, Garchitorena

**50%** ng mga bayan
**CAMARINES NORTE**

Labo
Capalonga
Sta. Elena
Jose Panganiban
Basud
San Lorenzo Ruiz




**3 BATALYON**
sa pitong panagupang batalyon ng 9th IDPA ang nakakonsentra sa tatlong prubinsya sa hilagang Bikol

**HINDI BABABA SA 22 BAYAN**
sa 60 bayan ng Camarines Norte, Camarines Sur at Catanduanes ang sinaklaw ng mga operasyong militar mula 2018-2021

**71 DETATSMENT**
ng AFP-PNP-CAFGU ang nakakwintas sa tatlong prubinsya ng Hilagang Bikol

## CAMARINES NORTE

**96th *'Alab'* IBPA**
**902nd Infantry Brigade**
RETOOLED COMMUNITY SUPPORT PROGRAM
*huling bahagi ng 2018 -2019*
Labo, Sta. Elena, Capalonga, Jose Panganiban

**9th *'Sandigan'* IBPA**
**902nd Infantry Brigade**
RETOOLED COMMUNITY SUPPORT PROGRAM
*Marso 2018 - Oktubre 2018*
Labo

*huling kwarto - 2019*
Basud, San Lorenzo Ruiz

**9th IDPA CMO *'Chameleon'* Battalion**
*2020*

## CAMARINES SUR

**83rd *'Matikas'* IBPA**
**902nd Infantry Brigade**
RETOOLED COMMUNITY SUPPORT PROGRAM
*Mayo 2021 - kasalukuyan*
Tinambac, Goa, Lagonoy, Garchitorena

*Hulyo 2020 - Abril 2021*
Kanlurang Camarines Sur:
Pamplona, Pasacao, Libmanan, San Fernando, Minalabac

Rinconada Area: Bato, Balatan, Bula

**96th *'Alab'* IBPA**
**902nd Infantry Brigade**
SEARCH AND DESTROY OPERATIONS
*2021*
East Camarines Sur

**49th *'Good Samaritan'* IBPA**
**902nd Infantry Brigade**
RETOOLED COMMUNITY SUPPORT PROGRAM
*Mayo 2021 - kasalukuyan*

Kanlurang Camarines Sur:
Pamplona, Pasacao, Libmanan, San Fernando, Minalabac

Rinconada Area:
Bato, Balatan, Bula

**9th *'Sandigan'* IBPA**
**902nd Infantry Brigade**
RETOOLED COMMUNITY SUPPORT PROGRAM
*huling kwarto 2018 - 2019*
Sipocot, Ragay, Lupi, Del Gallego, Pamplona

**Idinulot ng malaking interes ng mga dambuhalang minahan at dayuhang mamumuhunan sa likas na yaman ng hilagang Bikol ang matinding militarisasyon at kaakibat nitong mga paglabag sa karapatang tao.**

## CAMARINES NORTE

**20 pinaslang**
**1 masaker**

- Narito ang pinakamalaking reserba ng ginto, pilak at tanso sa rehiyon (19.6 milyong MT)
- Ekoturismo at mga kalsada para sa komersyo

## CATANDUANES

**5 pinaslang**

- Ekoturismo
- Quarrying: malaking reserba ng *magnetite sand* (217.1 milyong MT)

## CAMARINES SUR


**29 pinaslang**
**1 masaker**

- Pinakamalaking reserba ng *limestone* (423.7 milyong MT)
- Ekoturismo at mga kalsada para sa komersyo
- Quarrying

**100%**
**sa 54 kaso ng ekstrahudisyal na pamamaslang**

sa Camarines Norte, Camarines Sur at Catanduanes ang nangyari sa mga bayang mayroong detatsment ng AFP-PNP-CAFGU

Karamihan sa mga detatsment na ito ay nakapakat sa mga eryang mayroong mga proyektong neoliberal at malalaking negosyo.



# Duguang Rekord ng mga batalyon sa Hilagang Bikol

ILANG TALA SA DEPLOYMENT AT MGA TAMPOK NA KRIMEN LABAN SA MAMAMAYAN

## 9TH 'SANDIGAN' IBPA – 902ND IBDE.

2006: Sa kalagitnaan ng taong ito, idinagdag ang 9th IBPA sa tropa ng 9th IDPA. Ang naturang batalyon ay mula sa Bukidnon, Mindanao. Ipinailalim ito sa 901st IBde na may saklaw sa mga prubinsya ng Sorsogon, Albay at Masbate. Bumwelo sa Sorsogon ang bagong pakat na 9th IBPA.
2008: Paulit-ulit na pinangangalandakan ni Col. Claudio Yucot ng 9th IBPA na nawasak na umano ang Front Jaylo, na diumano'y larangang gerilya sa bayan ng Castilla, Pilar at Donsol sa Sorsogon. Ngunit, pinabulaanan ito ng sunud-sunod na mga taktikal na opensiba ng mga kasama sa naturang erya.

2010: Nang mabuo ang 903rd IBde., ilinipat ang 9th IBPA sa ilalim ng pamumuno nito. Sinaklaw ng naturang brigada ang Masbate at Sorsogon. Isa sa mga naging tampok na krimen ng 9th IBPA sa panahong ito ang pagmasaker sa apat na magsasaka sa Brgy. Sta. Maria, Mobo, Masbate noong Setyembre 7. Ang mga biktima ay sina Vicente Flores, Richard Oliva, at si Melecio Monacelio at anak nitong si Jonathan Monacelio, na isang 21 taong gulang na estudyante ng Sta. Maria High School.

2015-2016: Noong Marso 20, 2015 ipinakat ang mga Peace and Development Teams (PDT) sa mga bayan ng Monreal, San Jacinto at San Fernando sa isla ng Ticao. Tumampok ang pagpaslang sa mag-amang sina Ariel at Allan Bartulay, mga residente ng Brgy. Bartolabac, San Jacinto at ang pagmasaker sa apat na habal-habal driver na sina Gary Bisnar, Adam Fajardo, Biboy Badillo at Pabito ng Brgy. Del Carmen, Cawayan. Samantala, sa mga bayan ng Dimasalang at Cawayan, ikatlong distrito ng Masbate, idineploy ang 9th IBPA, Alpha coy ng 31st IBPA at 9th CMO Battalion. Nagsimula ang operasyong militar nila sa eryang ito noong Oktubre 6, 2015 at nagpatuloy hanggang 2016.

Nang ipakat sa Mindanao ang ilang batalyon ng 901st IBde, ilinipat ang 9th IBPA sa pamumuno ng 902nd IBde na nakasaklaw sa Camarines Norte, Camarines Sur at Catanduanes.

2017: Sunud-sunod ang paglabag sa karapatang tao ng 9th IBPA sa Camarines Sur at Camarines Norte. Kabilang na ang pamamaril sa Brgy. Mambulo Nuevo, Libmanan, Camarines Sur at panununog sa bahay ni Garry Villanueva, residente rin ng naturang bayan. Iligal ding hinalughog at hinaras ang pamilyang Alsom sa Brgy. Villa Aurora, Capalonga. Dinukot at sapilitang pinasurender si Noel Alsom, may-sakit sa pag-iisip. Tumampok din ang pamamaril sa Brgy. Bagong Silang, Sipocot kung saan napaslang si Renel Mirabelles habang sugatan sina Regie Loprandado at Joseph Sagario. Ikinulong din si Erick Madrona-Estadillo.

2018-2019: Naglunsad ang tropa ng 9th IBPA ng Community Support Program (CSP) sa unang distrito ng Camarines Sur (Sipocot, Ragay, Lupi, Del Gallego, Pamplona) at Camarines Norte (Basud, San Lorenzo Ruiz). Isa sa kanilang mga tampok na krimen sa panahong ito ay ang pagdukot at iligal na pagdetine sa limang magsasaka sa Ragay, Camarines Sur noong Pebrero 9, 2019. Pinaratangan ng militar na kasapi ng BHB sina Ricky Bendaña, Rico Bendaña, Romel Esmero at Christian Rañon, mga magsasakang residente ng Brgy. Baya, nang sila ay pagdadakipin. Nang araw ding ito, dinukot si Rachel Malacca, residente ng Brgy. Patalunan, Ragay. Samantala, nagpapatuloy din ang panghahalihaw ng naturang batalyon sa ikalawang distrito ng Camarines Sur (Pasacao, Libmanan, San Fernando, Minalabac).

## 96TH 'ALAB' IBPA – 902ND IBDE.

2018: Binuo ang 96th IBPA noong Marso 24, sa bisa ng PA General Order 211, bilang dagdag na batalyon ng 9th IDPA Binubuo ito ng mga sundalong mula sa 9th 'Spear' IDPA, 1st 'Tabak' IDPA at 7th 'Kaugnay' IDPA. Ilang buwan pa lamang mula nang maipakat sa rehiyon, nakapagtala na ng mga karumal-dumal na krimen ang batalyon. Noong Mayo 13, tatlong magsasakang sina Robero Naris, Ronel Naris at Antonio Bonagua delos Reyes ang minasaker ng berdugong militar sa Ragay, Camarines Sur. Ang isa sa kanila ay ilinibing nang buhay habang linapastangan ang katawan naman ang dalawa.

2019: Nagsagawa ng RCSP ang 96th IBPA sa Camarines Norte (Labo, Sta. Elena, Capalonga, Jose Panganiban)

2020: Mula Enero hanggang Pebrero, nagpapatuloy na operasyong militar sa naturang prubinsya sa gitna ng kaguluhan sa pandemya. Anim na sibilyan sa Brgy. Maligaya, Labo ang iligal na inaresto. Samantala, pinatay din si Joel Mandarin, residente ng Brgy. Malaya, Labo.

2021: Nagsasagawa ng mga Search and Destroy Operations sa Silangang Camarines Sur.

# Duguang Rekord ng mga batalyon sa Hilagang Bikol

ILANG TALA SA DEPLOYMENT AT MGA TAMPOK NA KRIMEN LABAN SA MAMAMAYAN

## 83RD 'MATIKAS' IBPA - 902ND IBDE.

2009: Kasabay sa kulumpon ng mga bagong yunit na itinayo at muling binuo noong 2008 hanggang 2009 alinsunod sa planong pagpapalaki at pagpapalakas ng tropa ng reaksyunaryo at pasistang AFP. Nang maging aktibo noong Hunyo 16, 2009, ipinakat sa ilalim ng 901st IBde. na sumasaklaw sa Albay at Catanduanes.

2016: Nang ipakat sa Mindanao ang ilang batalyon ng 901st IBde, ilinipat sa pamumuno ng 902nd IBde na nakasaklaw sa Camarines Norte, Camarines Sur at Catanduanes.

2017: Ipinaloob ang Albay sa eryang saklaw ng 902nd IBde. Dito ipinakat ang naturang batalyon. Ilan sa mga tumampok nitong krimen ang walang habas na pamamaril sa Sityo Binangkuan, Brgy. Catumag, Guinobatan, pambubugbog sa mga residente, sapilitang pagpasok at paghalughog sa mga bahay. Sunud-sunod din ang paglabag sa karapatang tao sa Brgy. Agpay, Guinobatan kabilang na ang panunungog sa mga kabahayan, panghaharas sa mga upisyales at residente at sapilitang pagpapalikas sa siyam na pamilya.

2018: Sa Brgy. Malabog, Caramoan, pinaslang ng mga elemento ng 83rd IBPA ang mag-asawang Herminio Aragdon, 69 taong gulang at Soledad Aragdon, 60 taong gulang, habang nagsasagawa ng operasyong PDT. Pinaratangan silang mga kasapi ng NPA. Pinatay din ang isang sibilyan sa Sityo Guinubat ng Brgy Bicalen, Presentacion isang araw matapos na mapaslang ang mag-asawa.

2019: Noong Agosto 13, binomba mula sa ere at pinaulanan ng bala ng isang kumpanya ng 83rd IBPA ang isang lugar na malapit sa komunidad ng Brgy. Lidong, Caramoan. Nagresulta ito sa sapilitang paglikas at pagkagambala ng humigit-kumulang 200 pamilya. Dagdag pa rito ang humigit-kumulang 30 pamilya sa kalapit na Sityo Kamansi sa Brgy Toytoy, Garchitorena. Tinabingan ng 83rd IBPA ang naturang pambubomba sa pamamagitan ng pagsasabing mayroong naganap na engkwentro. Ang totoo, wala ang yunit ng NPA sa naturang lugar.

Nang sumunod na buwan, tumampok naman ang kaso ng pamamaril ng tropa ng 83rd IBPA at PNP Catanduanes Provincial Mobile Force Company (PMFC) sa limang magsasaka ng abaka habang sila ay nangingisda noong Setyembre 22 sa Brgy. Taopon, Panganiban, Catanduanes. Pinalabas na NPA na nasawi sa labanan at tinaniman pa ng ebidensyang baril ang mga namatay na sina Lito Aguilar at Christopher Abraham. Sugatan naman sina Jimmy Sierra, Joseph Torado at Jomarie Calderon. Naninindigan ang mga kaanak at kababaryo ng mga biktima at maging ang lokal na yunit ng gubyerno na sibilyan ang lima.

Hulyo 2020 - Abril 2021: Naglunsad ang 83rd IBPA ng Retooled Community Support Program (RCSP) sa Kanlurang Camarines Sur (Pamplona, Pasacao, Libmanan, San Fernando, Minalabac) at Rinconada Area (Bato, Balatan, Bula).

Mayo 2021 hanggang kasalukuyan: Naglulunsad ang naturang batalyon ng RCSP sa Silangang Camarines Sur (Tinambac, Goa, Lagonoy, Garchitorena). Naitala ang papalobong bilang ng paglabag sa karapatang tao gaya ng pagpaslang kay Marlon Collantes magsasaka at residente ng Brgy. Payatan, Goa.

**44% sa mga pekeng engkwentro ng 9th IDPA ay naitala ng hambog na 9th IBPA, 96th IBPA at 83rd IBPA sa kurso ng mga operasyong militar ng mga ito sa hilagang Bikol.**



# PAGLABAN NG MAMAMAYAN SA HILAGANG BIKOL

**2018:** Sa pagdiriwang ng Pandaigdigang Araw ng Karapatang-Tao noong Disyembre 10, nagmartsa ang mahigit **14,000 Bikolano upang tumindig para sa katarungan, karapatan at kalayaan.** Isa ang Kabikulan sa mga eryang nakararanas nang pinakamararahas na bigwas ng pasista at teroristang rehimeng US-Duterte. Naitala rito ang pinakamataas na bilang ng masaker sa buong bansa para sa naturang taon. Isa sa mga kasong ito ang pagpaslang sa tatlong magsasaka sa Ragay, Camarines Sur.

Sa Camarines Norte, isinagawa ang isang **operasyong ambus** laban sa mga elemento ng berdugong 96th IBPA noong ika-14 ng Oktubre sa Brgy. Dumagmang, Labo. Kumpirmadong napatay ang 10 at marami pa ang sugatan sa hanay ng kaaway. Dalawang M4 carbine ang nasamsam mula sa naturang opensiba.

**2019:** Nang arestuhin at iligal na idetine ng militar ang limang magsasaka sa Ragay, Camarines Sur noong Pebrero, **kagyat na kumilos ang taumbaryo laban sa pagdukot.** Personal nilang hiningi kay Lt. Col. Abella, battalion commander ng 9th IBPA, na iharap at patunayang nasa mabuting kalagayan ang mga dinukot na magsasaka. Ipinanawagan din ng kanilang barangay kapitan sa radyo ang nasabing insidente. Dahil sa mabilis at mahusay na pagkilos na ito, napilitan ang mga berdugong ilitaw ang mga magsasaka kahit pa pinasinungalingan ni Col. Paul Regencia, tagapagsalita ng 9th IDPA na nasa kustodya nila ang mga biktima. Ayon sa pahayag ng biktimang si Rico Bendaña sa isang panayam sa radyo, alam nilang mga militar ang dumukot sa kanila sapagkat nakita nila ang mga ito sa mga sakyada sa kanilang baryo. Anila, sapilitan silang dinukot at dinala sa karatig-baryo kung saan sila pinaghukay ng kanilang magiging libingan. Ilang beses din silang sinaktan ng mga militar.

Sa larangan ng armadong pakikibaka, **mapagpasyang hinarap ng Armado Catapia Command (ACC)- BHB Camarines Norte ang malakihan at tuluy-tuloy na operasyong militar ng 9th IBPA at 92nd DRC sa naturang prubinsya sa kabila ng deklarasyon ng pansamantalang tigil-putukan** sa pagitan ng BHB at AFP mula Disyembre 23 hanggang Enero 7, 2019. Naganap ang labanan noong ika-23 ng Disyembre 2019 sa Brgy. Baay, Labo, Camarines Norte. Isa ang napatay at anim ang sugatan sa pwersa ng AFP habang ligtas na nakamaniobra ang mga kasama. Ayon kay Carlito Cada, tagapagsalita ng ACC-BHB Camarines Norte, walang ibang dapat sisihin sa pagkasawi at pagkasugat ng mga elemento ng 9th IBPA at 92nd DRC kundi ang arogansya ng 9th IDPA na magsagawa ng mga operasyong militar kahit sa panahon ng unilateral ceasefire.

**2020-2021:** Tuluy-tuloy na sumusulong ang anti-pasistang kilusan sa Hilagang Bikol sa kabila ng mga militaristang restriksyong kaakibat ng pandemya at pinatinding militarisasyon ng militar at pulis. Noong 2020, isinagawa ang mga **kilos protesta sa Catanduanes at Camarines Sur** laban sa pasistang lagim ng rehimeng US-Duterte. Nitong unang kwarto ng 2021, naglunsad naman ang mamamayan ng **Camarines Norte ng martsa libing** at nanawagan ng hustisya para sa mga sibilyang napaslang sa madudugo at brutal na operasyong militar at Simultaneous Anti-Criminality and Law Enforcement Operations (SACLEO) ng PNP.

Bilang tugon, naglunsad ang BHB sa Camarines Norte at Camarines Sur sa panahong nabanggit ng **hindi bababa sa 12 aksyong militar kinabibilangan ng mga ambus, haras, kumpiskasyon at iba pang aksyong pamamarusa laban sa pwersa ng AFP-PNP-CAFGU at malalaking negosyong pinuprotektahan ng mga ito. Hindi bababa sa 20 armas ang nakumpiska sa matatagumpay na taktikal na opensiba.**